

**ANG BATAS SA
PAGPAPA-APOY**

SA LABASAN

**MAGING LIGTAS
AT MAALAM**



ANG BATAS SA PAGPAPA-APOY SA LABASAN



**MAGING LIGTAS
AT MAALAM**

**SIGURADUHING NA ANG
APOY SA LABAS AY
WALANG PANGANIB
SA PAMAMAGITAN
NG PAGSUNOD SA
IPINAGBAGONG
BATAS SA
PAGPAPA-APOY SA LABASAN.**

BATAS 0049-2003

Anong mga Pagpapa-apoy ang Kailangan ng Permiso?

- ang lahat ng pagpapa-apoy sa labasan maliban sa panlutong apoy at ang lahat ng kaugnay dito na mga nilikhang panlabas na pugon (chimineas)

Anong mga Pagpapa-apoy ang Hindi na Kailangan ng Permiso?

- ang mga nilikhang panlabas na pugon (chimineas)
- mga panlutong apoy

Ang Lahat ng Pagpapa-apoy sa Labasan na Hindi Pinahihintulutan:

- kung ito ay istorbo sa publiko
- sa panahon ng mga alerto sa ulap-usok (smog alerts) na sumusuklob sa buong Lungsod ng Mississauga

Ang karagdagang panahon ng permiso para sa mga araw ng alerto sa ulap-usok (smog alert) ay maaaring makuha sa pamamagitan ng pagtawag sa numerong nakasaad sa likod ng permiso.

Ang mga araw ng alerto sa ulap-usok ay ihahayag sa Website para sa Kalidad ng Hangin sa Ontario (Ontario Air Quality Website) sa www.airqualityontario.com



ANG MGA REGULASYON NG PERMISO PARA SA PAGPAPA-APOY SA LABASAN

Ang Batas sa Pagpapa-apoy sa Labasan (Open Air Burning By-law) na nagsasabing ang isang taong may permiso ay maaaring magpaapoy sa labasan sa pagitan ng pagsikat ng araw at dapit-hapon (mga oras ng liwanag ng araw) kung:

- hindi ito nakakaistorbo
- hindi umiiral ang isang alerto sa ulap-usok (smog alert)
- patuloy na binabantayan ang apoy
- ang isang naaakmang pampawi ng apoy ay nakalaan habang patuloy na nag-aapoy
- Ito ay nasa distansya na 50 metro, mula sa anumang istruktura, hangganan ng ari-arian, daanan, kableng nasa itaas o anumang bagay na madaling magliyab
- Kung mayroong panakip sa lupa na madaling magliyab, ang distansya ay dapat na humigit kumulang na 5 metro ang layo
- ang bilis ng hangin ay kulang sa 24 kilometro kada oras
- ang lugar nito ay kulang sa 1 metro kuwadrado
- ang taas nito ay hindi lalagpas sa 1 metro
- ang kopya ng permiso ay makikita sa kinalulugaran ng apoy para sa pagrerepaso kung hihilingin ito

MGA NILIKHANG PANLABAS NA PUGON

Ang isang pugon ay maaaring paganahin ng walang permiso sa pagitan ng pagsikat ng araw at 11 n.g. kung:

- hindi ito nakakaistorbo
- hindi umiiral ang isang alerto sa ulap-usak (smog alert)
- ang nagmamay-ari ay patuloy na binabantayan at kontrolado ang panlabas na pugon magmula nang sinindiha ang apoy hanggang ang apoy ay tuluyang napawi na
- ang isang maliit na pampawi ng apoy o isang magagamit na pandilig sa halamanan ay nakahanda habang ito ay gumagana
- ito ay matatagpuan sa distansyang humigit kumulang na 5 metro mula sa istruktura, hangganan ng ari-arian, daanan, kableng nasa itaas o anumang bagay na madaling magliyab
- ito ay itinayo sa isang lapag na hindi madaling magliyab na umaabot sa unit at ang sukat ay kasintaas nito

PANLUTONG APOY

Ang isang tao ay maaaring maglikha at panatiliin ang isang panlutong apoy ng walang permiso sa pagitan ng pagsikat ng araw hanggang sa 11 n.g. kung:

- ang apoy ay hindi nakakaistorbo
- hindi umiiral ang isang alerto sa ulap-usak (smog alert)
- ang nagmamay-ari ay patuloy na binabantayan at kontrolado ang panlabas na pugon magmula nang sinindiha ang apoy hanggang ang apoy ay tuluyang napawi na
- ang isang naaakmang pampawi ng apoy ay nakalaan habang patuloy na nag-aapoy
- ang apoy ay matatagpuan sa humigit kumulang na 5 metro mula sa anumang gusali, istruktura, hangganan ng ari-arian, kableng nasa itaas o anumang bagay na madaling magliyak
- walang takip sa lupa na madaling magliyak na hindi hihigit sa 5 metro ang layo mula sa apoy
- ang bilis ng hangin ay higit sa 24 kilometro kada oras
- ang apoy ay hindi hihigit sa 0.3 metro ang sukat at taas

PAGKAKASALA AT PAGPAPATUPAD

Ang isang bumbero ay uutusang pawiin ang isang apoy agad-agad kung ang apoy ay:

- hindi naisagawa alinsunod sa batas na ito
- napag-alamang karapat-dapat para sa inspekyon ng Bumbero upang maitatag ang isang kaligtasan mula sa panganib o alalahanin

Ang isang permiso sa ilalim ng batas na ito ay maaaring maipawalang-bisa ng Hepe para sa Sunog (Fire Chief) kung ang nagmamay-ari ng permiso ay hindi sumunod sa mga alituntunin ng permiso at/o anumang mga probisyon ng batas na ito. Ang isang taong napatunayang nagkasala sa ilalim ng batas na ito ay magmumulta at mapaparusahan ayon sa mga probisyon ng Panlalawigang Batas para sa mga Pagkakasala (Provincial Offences Act) R.S.O. 1990, c.P.33., bilang pagbabago.

ANG MGA PERMISO

Ang mga permiso para sa pagpapa-apoy sa labasan ay makukuha sa Sentrong Pambayan (Civic Centre) pangalawang palapag Tanggapan para sa Pagsawata ng Sunog (Fire Prevention Office) o sa Punong-himpilan sa Sunog (Fire Headquarters), 15 Fairview Road sa pagitan ng 8 :30 n.u. at 4 :30 n.h. sa pamamagitan ng pagkumpleto ng aplikasyon ng permiso at ng paglakip ng tamang kabayaran.

Ang pagkilanlan katulad ng isang lisensya ng nagmamaneho ay kakailanganin.

Ang Hepe para sa Sunog (Fire Chief) ay maaaring magtatag ng karagdagang mga pangangailangang pang-kaligtasan o bawasan ang mga sagabal sa buong publiko. Sa espesyal na mga pangyayari o pagdiriwang, ang Hepe para sa Sunog ay maaaring magsagawa ng mga partikular na pagsasa-ayos batay sa mga kondisyon at mga kahihinatnan na nasa mga permiso.

ANG MGA DAPAT GAWIN AT ANG MGA HINDI DAPAT GAWIN

Dapat Gawin (Do)

- kumuha ng permiso para sa pagpapa-apoy sa labasan (open air burning)
- siguraduhin na ang apoy ay mayroong 50 metro ang layo mula sa ibang mga bagay at mga gusali
- magtabi ng kopya ng permiso sa kinalulugaran habang nag-aapoy
- manatili sa kinaroroonan ng apoy hanggang ito ay mapawi
- sundin ang mga kailangan para sa Batas sa Pagpapa-apoy sa Labasan (Open Air Burning By-law)

Hindi Dapat Gawin (Don't)

- magsunog sa panahon ng mga alerto sa ulap-usok (smog alerts)
- iwanan ang isang apoy nang walang nagbabantay
- magsunog ng basura o iba pang mga produktong hindi yari sa kahoy

MGA NUMERONG MALALAPITAN

Mga Serbisyong Pang-bumbero at Pang-emerhensya ng Mississauga (Mississauga Fire & Emergency Services)

Sangay para sa Pagsawata ng Sunog (Fire Prevention Division) 905-896-5908

Edukasyong Pampubliko (Public Education) 905-615-4377

Administrasyon (Administration) 905-615-3777



MISSISSAUGA
Fire and Emergency Services
Leading today for tomorrow

**KALIGTASAN NG KOMUNIDAD
SA PAMAMAGITAN NG KALIDAD
NG PAGSAWATA AT
EDUKASYON SA SUNOG
(QUALITY FIRE
PREVENTION AND
EDUCATION)**